ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# SULYAP SA PIYESANG LIKHA: PAGDALUMAT SA MGA KATANGIANG TAGLAY NG SPOKEN WORD POETRY

**Renelyn M. Basalo[1], Conie B. Cerna, MAEd[2]**

[1]*ORCID No. 0009-0008-4302-691X*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

[2]*ORCID No. 0009-0008-1170-3234*
*Research Adviser, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19870**
**DOI No: 10.36713/epra19870**

## ABSTRAK

*Ang layunin ng pag-aaral na ito ay suriin ang mga natatanging katangiang taglay ng Spoken Word Poetry at kung paano ito ginagamit ng mga makata upang maiparating ang kanilang mensahe at damdamin. Ginamit sa pag-aaral ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik gamit ang diskursong pagsusuri bilang pangunahing pamamaraan upang suriin ang limampu't isang (51) akda ng Spoken Word Poetry, na isinulat ng mga kilalang makata. Ipinakita ng pagsusuri na ang mga akda ay nagtataglay ng mga makulay at malikhain, ngunit may mga karaniwang katangian na namutawi sa kanilang mga estruktura. Kabilang sa mga natukoy na tayutay ang pagtutulad, pagwawangis, personipikasyon, at pagmamalabis, na ginamit ng mga makata upang magbigay diin sa kanilang mga mensahe. Bukod dito, natukoy din ang mga katangian tulad ng tema, tugma, at matatalinghagang pahayag na nagpapalalim sa kahulugan at epekto ng bawat akda. Ang mga elementong ito ay nagsisilbing kasangkapan ng mga makata upang mapalakas ang kanilang pagpapahayag ng emosyon at opinyon sa pamamagitan ng makatawid at epektibong paraan. Inaasahang magbibigay ang pag-aaral na ito ng masusing pananaw ukol sa paggamit ng Spoken Word Poetry sa pagpapahayag ng mga karanasan at saloobin, at magiging gabay ito para sa mga makata at tagapag-aaral ng literatura sa mas malalim na pag-unawa sa sining ng Spoken Word Poetry.*

**MGA SUSING SALITA:** *Spoken Word Poetry, tayutay, diskursong pagsusuri, tema, tugma, matatalinghagang pahayag, personipikasyon, pagmamalabis*

## INTRODUKSYON

Sa patuloy na pag-ikot at pagbabago ng panahon ay iniluwal ng panitikan ang mga tula sa modernong pamumuhay at isa na dito ang *Spoken Word Poetry*. Dulat ng pagbabago ay nabigyan ng bagong lasa ang ating panulaan na naging mitsa sa kawalan ng pundasyon na mailimbag ang nakapaloob na mga katangian ng isang panitikan. Mapapansin din ang kakulangan ng kasanayan, kaalaman at kawalan ng emosyon ang itinuturong dahilan sa kawalan ng epektibong pagbigkas. Samakatuwid, ito ay isang anyo ng panulaan na itinatanghal sa harap ng madla at sining na pagbigkas ng tula na yaring isinusulat din mula sa malilikot na kaisipan ng mga makata taglay ang iba't ibang katangian ng isang tula. Ito ay tinawatag na sining pang-entablado o *Slam Poetry* na sinasabayan sa indayog ng boses, galaw ng mga kamay at mukha dala ang emosyong nais ihatid sa madla na pawang nagkukwento (Desai et al, 2005).

Sa Ghana, itinuturing ang *Spoken Word Poetry* bilang isang makabago at paminsang uni ng tula na madalas ihambing sa tradisyonal na pagsasalaysay ng panitikan na umiiral sa bansa para sa kasaysayan. Ayon dito, sa isang pag-aaral hinggil sa *Spoken Word Poetry*, natuklasan na ang mga karaniwang katangian ng *Spoken Word Poetry* ay ang mga galaw at lingguwistikong pamamaraan na may partikular na paggamit ng musika at tambol. Binibigyan din ng pansin ang mga katangian ng tula, dahil karamihan sa *Spoken Word Poetry* ay naglalaman ng pag-uulit, pagkakatulad, pag-aambunan, pagpapahayag, pag-urong, at idyomang mga salita. Iniisip din ng mga artistang gumagawa nito ang wastong kasuotan at gamit na makakatulong sa nakaaakit na epekto (Yao, 2020).

Sa kabilang dako, sa Pilipinas, ang *Spoken Word Poetry* ay umiral bilang isang tula na lumalampas sa pahina sapagkat ito ay mas nakatuon sa paraan ng pagsaulo at pagkakaganap. Kaya't nagmumula ito sa paraan ng paghahatid ng makabuluhang mensahe mula sa makata na maaring makita sa mga laro ng salita at mga teknikang pagkukwento ng makata, Dapat ding tandaan na ang *Spoken Word Poetry* ay lumalaganap at mas kilala na sa bansa, ito ay nasa iba't-ibang midya na pati sa telebisyon. Kaya't sa paglago ng espesyalisasyon ng *Spoken Word Poetry* sa bansa, ang mga makata ay umaasa nang malaki sa paggamit ng mga laro ng salita upang maipahayag ang kanilang nais sabihin, kailanman itinuturing na pangunahing mahalaga ang mga katangian ng tula para maipahayag ang kanilang layunin at mensaheng ipaparating (Aguilar, 2015).

Sa malinaw na kahalagahan ng *Spoken Word Poetry* sa larangan ng panitikan, layunin ng pag-aaral na ito na alamin ang mga

katangian sa panitikan na ginagamit at iniisip sa pagsusulat ng tula. Tulad ng nabanggit, ang tugma at mga teknik sa pagganap ay mga katangian na pangunahing nagmamarka sa tula para sa mga tagapakinig. Gayunpaman, nais ng mananaliksik na alamin pa ang higit pa tungkol sa *Spoken Word Poetry* na nagtatakda nito mula sa iba't-ibang uri ng tula sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga katangian na bumubuo ng tula.

Bukod dito, hindi pa natagpuan ng mananaliksik ang isang pag-aaral na sumusuri sa *Spoken Word Poetry* sa larangan ng mga aspeto nito sa panitikan na pangunahing nakatuon sa mga katangian sa panitikan tulad ng mga tayutay. Ang *spoken word poetry* ay nagtatag ng isang matibay at lumalagong espesyalisasyon sa daigdig ng panitikan, at ang kanyang pagkakaroon ay nagpapatunay ng mas mataas na kahalagahan ng panitikan sa buhay at pag-iral ng tao. Sa gayon, sa pamamagitan ng pagsusuri at pagsasaliksik sa mga tula na itinuturing na *Spoken Word Poetry*. Inilalantad din ng mananaliksik ang kahalagahan ng larangan ng mga aspeto nito sa panitikan na pangunahing nakatuon sa mga katangian sa panitikan tulad ng mga tayutay. Ang *Spoken Word Poetry* ay nagtatag ng isang matibay at lumalagong espesyalisasyon sa daigdig ng panitikan, at ang kanyang pagkakaroon ay nagpapatunay ng mas mataas na kahalagahan ng panitikan sa buhay at pag-iral ng tao. Sa gayon, sa pamamagitan ng pagsusuri at pagsasaliksik sa mga tula na itinuturing na *Spoken Word Poetry*, inilalantad din ng mananaliksik ang kahalagahan ng Panitikan ng Pilipinas.

**Layunin ng Pag-aaral**

Nais ng pag-aaral na ito, gamit ang kwalitatibong pamamaraan ay makagawa ng diskursong pag-aanalisa na liwanagin ang mga katangian sa panitikan na ginagamit sa *Spoken Word Poetry*. Kasama rito ang pagsusuri sa pagkakatugma, mga tayutay, at pati na rin ang mga tema ng tula na nakuha. Ang pag-aaral ay nakabatay sa teorya ng Estrukturalismo ni Siswantoro (2014) na nagbibigay-diin sa kabuuang estruktura at mga pamamaraang ginagamit sa tula. Samakatuwid, layunin ng pananaliksik na alamin ang katangiang taglay ng *Spoken Word Poetry* batay sa mga salitang ginama at mga laro ng salita.

**Mga Tanong ng Pananaliksik**

Sa pagsasagawa ng kwalitatibong pag-aaral gamit ang diskursong pagsusuri, bilang dulong, ang dalawang pangunahing katanungan sa pananaliksik ang magsisilbing batayan upang matumpok ang layunin ng gagawing pag-aaral:

1. Ano ang mga pampanitikang katangian ng *Spoken Word Poetry?*
2. Anong ang mga kadalasang tema ang matatagpuan sa *Spoken Word Poetry?*

## METODO

### Disenyo

Sa pag-aaral na ito, gumamit ang mananaliksik ng kwalitatibong disenyo gamit ang diskursong pagsusuri. Ang kwalitatibong pananaliksik ay tumutumpok sa gawaing pagsisiyasat, pagsusuri at pagpapakahulugan sa mga puna na may layuning makatuklas ng batayang kahulugan at disenyo ng ugnayan, kabilang na ang mga klasipikasyon ng uri ng mga pangyayari at pagkakakilanlan, sa paraang hindi nasasangkot ang mga disenyong pangmatematika (Krathwohl, 2009).

Sa konteksto nito, ang pagsasaliksik na kwalitatibo ay ginamit sa pag-aaral na ito upang masuri nang mas malalim ang mga taglay na katangian ng *Spoken Word Poetry* sa mga piling makatang mag-aaral sa medyor ng Filipino. Ang datos ay makukuha sa pamamagitan ng mga susuriing akda ng mga kalahok. Ito ay kaibahan sa mga disenyo ng pagsasaliksik na kwalitatibo na gumagamit ng mga resulta ng surbey at iba pang numerikong datos upang maunawaan ang paksa ng pagsasaliksik.

Ang pagsasaliksik na ito ay gumamit ng diskurso bilang disenyo nito. Ang pananaliksik na kwalitatibo ay nauukol sa pagsusumikap ng mananaliksik na. maunawaan ang sitwasyon at ang kanyang kahalagahan, kaugnay ng konteksto at mga interaksyon dito. Bukod dito, inilalarawan ang disenyo ng pananaliksik na ito bilang isang pagsusuri ng mga bagay sa kanilang taglay na katangian. Idinagdag din na ito ay isang pagsusumikap ng mananaliksik na maunawaan o bigyang kahulugan ang ibat-bang katangian batay sa mga taglay na estruktura ng nasabing pananaliksik (Lune at Berg, 2017).

Ang pagsusuri ng diskurso ay may partikular na kahalagahan kapag nakikinig sa mga sariling kuwento ng mga tao hinggil sa isang sitwasyon ang bayograpikal na paraan. Ang pagsusuri ng diskurso ay tumutokoy sa paraang ginagamit sa interpretasyon ng konteksto sa pagkakapanayam mo. Ang teknik na ito ay nakatuon sa paraang ginagamit ang wika sa iba't ibang sitwasyon, at sa isang pagsusuri ng diskurso, ang iyong tungkulin ay upang tukuyin ang konteksto, ang iba't ibang interpretatibong *repertoire*; at subukan ang pagtutugma ng isa sa isa, upang maunawaan ang kahalagahan, mula sa pananaw ng iyong respondente, ng mga iba't ibang kuwento na isinasalaysay (Jankowicz 2005).

Ang diskursong Pananaliksik na ito ay tumutukoy ito sa kakayahan ng pagsasaayos ng kaisipan, pamamaraan o pagiging makatwiran ng isang tao. Ayon naman sa diksyonaryo ni Leo James, ang kahulugan ng diskurso ay may kinalaman sa pagsasalita at pagtatalumpati. Marapat lamang na sabihin na ang diskurso ay isang pagbibigay ng pagtalakay sa iba't-ibang paksa, pasulat man o pasalita. Dahil sa diskurso maraming nalaman ang tao mula sa mga taong nagsisipagsulat ng kani kanilang mga akda at gayundin sa mga taong nakipagpalitan-tugon sa pamamagitanng pagsasalita sa kanilang mga kausap. Ang diskurso ay maaring pasalita o pasulat. Sa pasalitang diskurso, mahalaga ang kakayahang pangwika sa pakikipag-usap ngunit minsan ay naaapektohan ang kahulugan kung hindi bibigyang- pansin ang kalagayang sosyal habang nagaganap ang diskurso kung kaya't mahalaga rin ang kakayahang komunikatibo (Leo James 2007).

**Pamamaraan sa Paglikom ng Datos**

Sa paglikom ng datos, sinunod ng mananaliksik ang mga batayang pamamaraan sa pagsasagawa ng isang pag-aaral. Ang pagsasagawa ng isang kwalitatibong pag aaral ay dapat na masusing isinasaayos sa kritikal na pamamaraan (Cresswell, 2013).

Bilang tugon dito, ang mananaliksik ay sumangguni sa kaniyang tagapayo bilang paunang hakbang upang suriin at talakayin ang pagpili ng mga akda galing sa that bang makata na siyang ginawang pananaliksik. Nagbigay ng aprubasyon ang tagapayo sa mga akdang napili, kumuha naman ng aprubasyon ang mananaliksik para sa manuskrito mula sa kaniyang tagapayo at kumuha ng *endorsement letter* upang maumpisahan ang proseso ng routing sa manuskrito sa tatlong tagapagsun ng papel pananaliksik upang matasa ang kawastuhan ng papel pananaliksik.

Matapos maapruban ng tatlong tagapagsun ang manuskirto, isinumite naman to *Research Office* na dumaan *ethics review*. Nabigay na ng tagapamahala ng opisina ang *compliance certification* ng *ethics review*, inumpisahan nang mananaliksik ang paglikom ng mga akdang susurin

Sa paglikom ng mga akde mula sa *Spoken Word Poetry*, sumangguni ang mananaliksik sa iba pang mga silid-aklatan na maaaring may kopya ng mga aklat kung saan napapaloob ang iba't ibang akdang pampanitikan Gumamit din ang mananaliksik ng mga online na plataporma sa paghahanap o pagikom ng kopya ng kaniyang akda upang mabuo ang limampu't isang (51) na akda ng *Spoken Word Poetry* na ginamit sa pag-aaral.

Matapos malikom ang nakaalas na bilang ng susunin ay agad na isinagawa ng mananaliksik ang pagsusuri sa mga akda upang mailahad ang mga proseso pagpapakita ng pagsusuri sa ibat-ibang katangiang taglay ng *Spoken Word Poetry*. Bawat datos na nakuha ay itinala sa isang kwaderno sa masusing balangkas na siyang makikita sa pamamagitan pag-*encode* nito sa *laptop* nang mabigyang paunang pagsusuri ito ng mananaliksik na siya namang isinangguni sa dalubhasang analyst o tagapagsuri na nakaatas sa kaniya upang masiguro na tama, wasto, at kredibol ang mga nakalap na resulta.

Matapos masigurong tama at wasto ang mga datos na nakalap ay inumpisahan ng mananaliksik ang pagbuo at paghahanay sa Kabanata 3 na naglalaman ng resulta at interpretasyon ng pag-aaral.

**Pag-aanalisa sa Datos**

Sa pag-aanalisa ng datos, ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kritikal na diskursong pagsusuri o *critical discourse analysis*, Ito ay isang paraang-diskurong pagsusuri na naglalayong mapalawig ang sakop sa paraan ng pag-unawa ng isang kaganapan, kaisipan, ideya, kultura, lipunan at tao upang magkamit ng makabuluhang kaalaaman at kamalayan sa totoong diwa nito (Hodges, Kuper & Reeves, 2008).

Kaugnay rito, ang dalawang katanungan sa pananaliksik ay masasagot sa pamamagitan ng Kritikal na Diskursong Pagsusuri o *Critical Discourse Analysis.* Ito ay isang binigyang balangkas ni Fairclough (1995), sa pamamagitan ng pagbibigay ng tatlong (3) hakbangin sa kritikal na pagsusuri.

Una, ay ang paglalarawan ng pormal ng estruktura ng teksto. Dito susuriin ang tekstong nakapaloob sa isang akda upang malaman ang mahahalagang gamit ng salita o wika sa pagbuo ng kaisipan o pahayag o simbolismo.

Pangalawang hakbang, ay ang interpretasyon. Susuriin dito ang ugnayan ng
akda bilang midyum sa pagbuo ng isang kaisipan bilang katuturan ng isang ideya, gawa, at paglalarawan.

Pangatlong hakbang, ay ang eksplinasyon. Dito susuriin ang ugnayan ng nagawang interpretasyon at lipunan, kung saan mailalahad ang implikasyon, epekto at bunga nga pagsusuri sa lipunang kinasasangkutan nito.

Samakatuwid, ang tatlong hakbangin na binalangkas ni Faiclough ay daan upang mabigyang kasagutan ang unang katanungang na naglalayong malaman ang ang pampanitikang katangian ng *Spoken Word Poetry,* at ang ikalawang katanungan na naglalayong malaman ang mga elementong pampanulaan na matatagpuan sa *Spoken Word Poetry.*

Ang isang kwalitatibong pananaliksik ay kinakailangang makakuha at makapagsuri ng mga datos sa sistematikong paraan upang masiguro ang katumpakan, kabisaan at ikatatagumpay ng pananaliksik. Sisiguraduhing maisakatuparan nang maayos ang mga hakbang sa pagkalap ng mga datos. Isasagawa ito ng may pag-ingat at may sapat na kaalaman sa gawain. Gagawin ang mga inaasahang hakbang upang malikom at maitala ang mga datos bago pa man isagawa ang pagsusuri at pagbibigay pagpapakahulugan o interpretasyon sa resulta ng pananaliksik (Creswell, 2013).

Ang pagsusuri sa diskurso o kritikal na pagsusuri sa diskurso ay isang diskarte sa pag-aaral ng nakasulat o sinasalitang wika at kung paano nabuo ang katotohanan ng wika. Ang pagsusuri sa diskurso ay naglalayong maunawaan kung paano karaniwang ginagamit ang wika sa iba't ibang konteksto. Ito ay isang pangkaraniwang paraan ng pagsasaliksik ng husay sa iba't ibang disiplina na kabilang ang antropolohiya, sikolohiya at sosyolohiya (Chukwuemeka Gabriel, 2023),

**RESULTA**

Bawat taludtod o saknong mula sa mga piling tula bilang korpora ay masusing sinuri. Sa Talahanayan 1, makikita kung ano-anong uri ng tayutay ang nakapaloob sa bawat saknong o taludtod ng tula base sa mungkahi ni Monleon. Samantalang ang Talahanayan 2 naman ay ang bahagi na kung saan kinakikitaan ng iba't ibang tema na nakapaloob sa bawat anyo ng tula. Kung gayon, ang mga tayutay at tema na ipinakita sa mga talahanayan ay ang mga kadalasang ginagamit sa pagsusulat ng tula ng mga may-akda at epekto nito sa bawat tula.

**Unang Katanungan sa Pananaliksik: Ano ang mga pampanitikang katangian ng *Spoken Word Poetry?***

Sa bahaging ito ng manuskrito ay nakalimbag ang uri ng tayutay na ginamit at taludtod o saknong na kinapalolooban ng tayutay sa 51 na tula ng iba't ibang may- akda. Kadalasang ginagamit ang mga tayutay sa pagpapahatid ng mensahe sa masining na paraan. Bukod dito, ang mga taludtod o saknong ng tula na nakalap na kinakikitaan ng tayutay ay mula sa iba't

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ibang akda na may magkaibang pamagat na na nakabatay sa isinulat ng mga awtor na siyang nagsisilbing hanguan ng korpora ng pananaliksik.

**Talahanayan 1**
**Katangian ng Spoken Word Poetry Batay sa Uri ng Tayutay**

| Uri ng Tayutay | Spoken Word Poetry | | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|---|
| | Kowd | Pamagat | |
| **Pagtutulad** | SWP-06 | Pahingi po ng pagmamahal | *Ang pagmamahal na iaalay parang abo na kailangan ng iwaksi* |
| | SWP-09 | Parang tama pero mali | *Iiyak na parang sanggol na dapat iugoy* |
| | SWP-15 | Apat na sulok | *Mabilis na orasan katulad ng pagdating ng kinabukasan* |
| | SWP-16 | Unan, kumot at gitara | *Ang aking tula ay parang sa relasyon nating dalawa* |
| | SWP-18 | Unang pagtingin | *Para kang isang bulaklak, na bango'y humahalimuyak*<br><br>*Pagkausap ka'y parang nanaginip na wari'y di ka inip-inip* |
| | SWP-19 | Ibang mundo | *Ang mga tao'y parang bampira takot sa Liwanag ng katotohanan* |
| | SWP-40 | Ang magandang parol | *Sa aming bintana doon nakasabit kung hipan ng hangi'y tatagilid-gilid at parang tao ring bago na ang bihis* |
| **Pagwawangis** | SWP-11 | Respeto | *Si nanay na aking ilaw Takbuhan sa tuwing may kadiliman*<br><br>*Si tatay na haligi ng bahay kaagapay sa hirap ng buhay* |
| | SWP-25 | Ilaw | *Dahil mahal, ikaw rin ang ilaw sa dating tagpuan*<br><br>*Ikaw ang ilaw, ako ang dilim Ikaw ang bunyag, ako ang lihim*<br><br>*Ikaw ang tuwa, ako ang luha Ika'y maaliwalas ako'y lubha* |
| | SWP-44 | Tatak ng wikang filipino, lakas ng pagka-pilipino | *Ang wika ay apoy na nagbibigay-init sa sanggol nahulog ng anghel sa langit*<br><br>*Ang wika ay tubig na nagpapaputi*<br><br>*Ang wika ay hangin siyang bumubuhay sa patid na hinga ng kulturang patay*<br><br>*Ang wika ay bato na siyang tuntungan nitong mga paa ng mahal sa bayan* |
| | SWP-46 | Iyong ngiti | *Sa aking isipan, di na maalis ang iyong mukha na anghel ang wangis* |
| **Personipikasyon** | SWP-02 | Ikaw | *Nagising nalang sa katotohanang puso'y biglaang tumunog Puso koy ikaw na ang isinsigaw* |
| | SWP-06 | Pahingi po ng pagmamahal | *Dahil sa haplos ng hangin nararamdaman kong ako ulit ay mag-iisa* |
| | SWP-12 | Tara, usap tayo | *Sumasayaw ang tatlong tuldok, hudyat na marapat lang maghintay*<br><br>*Kaya pagsayaw ulit ng tatlong tuldok Hayaan ang mga ito paikutin ang oras mo* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | SWP-20 | Alam ko kung sino ang pagmamahal | *Na para bang nakainom ng isang tasang kapeng barakong nanuntok sa mata* |
| | SWP-38 | Ulan | *Panaghoy ng halamang uhaw ay pinagbibiguan*<br><br>*Lupang tigang ay binubusog at dinidiligan* |
| | SWP-46 | Iyong ngiti | *Awitan ng ibon tanging nangibabaw sa unang pagkakataon ng iyong pagdungaw* |
| **Pagmamalabis** | SWP-03 | Narito ako | *Kung kaya ko lang sungkitin ang mga bituin, kung ang bunga man nito ay bumalik ka sa piling ko ay gagawin ko* |
| | SWP-04 | Ang pag-iig ko para sayo | *Ikaw lang ang mamahalin ko, kahit na magunaw pa ang mundo* |
| | SWP-05 | Kapag sinabi kong mahal kita | *Kaya hayaan nating dumating ang mga bagyo, hayaan nating malusaw ako ng araw* |
| | SWP-12 | Tara, usap tayo | *Tumatalon kahit bawasan ng liwanag Nanganganak ng mga letrang di inaasahan* |
| | SWP-14 | Alaala | *Dahil sa sobrang pagmamahal ko balde-baldeng luha ang alay ko sa'yo* |
| | SWP-18 | Unang pagtingin | *Sa tingin ko'y ako'y nalulusaw, pagmamahal ko sayo'y umaapaw* |
| | SWP-25 | Ilaw | *At habang pinagmamasdan ko ito, ikaw lagi ang laman ng isipan kapag nilamon na ako ng kadiliman* |
| | SWP-39 | Sasayaw sa ulan | *Maari ba kitang isayaw habang nakatitig sayong matang nakakatunaw* |
| | SWP-44 | Tatak ng wikang filipino, lakas ng pagka-pilipino | *Ang wika ay apoy na nagbibigay-init sa sanggol nahulog ng anghel sa langit* |

**Pagtutulad**. Ang paggamit ng pagtutulad sa mga tula ay madalas ginagawa upang larawan ang kapaligiran upang ayusin ang tula nang mas makahulugan. Ang mga salitang ginagamit paghahambing ay nakakapukaw ng interes ng mambabasa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga bagay na hindi magkatulad ngunit may magkaparehong katangian. Dahil dito, ang isang tula na may tayutay na pagtutulad ay lunay na kayang humikayat at magbigay ng interes sa mambabasa.

**Pagwawangis.** Ang pagwawangis o metapora ay isang tayutay na ginagamit para sa direktang paghahambing ng isang salita sa iba pang salita, na maaaring magkauri o magkaiba. Katulad ito ng pagtutulad ngunit hindi na ito gumagamit ng mga pangalnig. Ang pagwawangis ay isa sa mga tayutay na nagbibigay-buthay at kulay sa mga salita. Isa tong malikhaing paraan ng paggamit ng mga salitang naghahambing upang magbigay ng mas malalim kahulugan o pagpapalawak ng kaisipan sa pamamagitan ng pagtutulad ng isang salita sa iba.

**Personipikasyon.** Nasuri din ang tayulay na pagbibigay katauhan e personipikasyon sa mga lulang tinalakay, lo ay ang paglalapat ng mga kalangian ng tao sa isang hayop, bagay, o ideya, upang magmukha itong may buhay o damdamin, na para bang tao.

**Pagmamalabis.** Panghuling uni ng tayutay na natagpuan sa mga piling akda ay ang tayutay na pagmamalabis. Ito ay isang uri ng tayutay na nagsasaad ng sobra at lagpas katotohanan o eksaherado ang mga salita o pahayag kung pakasusuriin. Matutukoy to dahil sa lubhang pagpapakita ng labis o imposibleng mangyari sa kalagayan ng indibidwal, bagay ng isang pangyayar. Ipakikita sa talahanayan ang mga taludtodisaknong na kinakikitaan ng tayutay na pagmamalabis**.**

Sa kabuoan, ang mga taludtod o saknong na tinalakay sa itaas ay nagsisilbing tugon sa pangunahing katanungan ng pananaliksik, na nagpapatunay na mayroong iba't ibang katangian sa mga piling akda.

**Ikalawang Katanungan sa Pananaliksik: Ano ang mga kadalasang terma ang matatagpuan sa *Spoken Word Poetry?***

Sa bahagi ng manuskritong ito, inilalahad ang mga temang nakapaloob sa bawat akda sa pagbuo ng kahulugan nito. Ang mga nakalap na taludtod at saknong ay nabuo mula sa iba't ibang akdang nakalap at upang masagot ang pangalawang katanungan ng pananaliksik. Ito ay susuriin kung anong tema ang nakapaloob sa bawat akda base sa mungkahi ni Santiago (2003).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2**
**Taludtod o Saknong ng Tula na Kinapalooban ng Kahulugan**

| Tema | Pangunahing Ideya | Halimbawang Saknong |
|---|---|---|
| **Pag-ibig** | **Kabiguan sa Pag-ibig** | *"Di madali pero alam ko, bukas, mamaya, makalawa<br>Darating din ang oras na makakalimutan na akita.<br>Sa ngayon, kailangan ko lang gawin<br>ay ipikit ang mga mata at tanggapin,<br>Sa laro ng pag-ibig,<br>Malabo mo akong mahalin"* (SWP-01) |
| | | *"Gigising nang walang luha<br>na dumadaloy,<br>Sa paghahanap ng tunay na pag-ibig<br>na lamang magpapatuloy."* (SWP-09) |
| | | *"Dahil ang oras naman ay lumilipas<br>At mababawasan ang sakit na dinaranas Ngunit ang pag-ibig ay buhay<br>at hindi kukupas."* (SWP-10) |
| | | *"Ang katahimikan ng dilim<br>Ay natutudlukan lamang<br>Ng kislap ng libong alitaptap<br>Nakapaloob-nakapaligid<br>Sa isang punong-kahoy<br>Sa tabing-ilog."* (SWP-13) |
| | | *"Sana ginamit ko muna tong isip<br>Ko, bago ko minahal ang isang lalaking tulad mo<br>Naiwan din pala ako pag<br>Nakuha na ang gusto."* (SWP-14) |
| | | *"Ang aking tula ay parang sa relasyon nating dalawa<br>Habang tumatagal nauubos<br>ang mga tugma<br>Ngunit mahal, sana sa muli<br>nating pagkikita<br>Ay makita mo ang binitawan<br>mong halaga."* (SWP-16) |
| | | *"Naubos na ang natitira kong lakas<br>Mga sugat sa puso ko'y nakabakas<br>Nawalan na ako ng dahilan<br>para lumaban<br>At tuluyan na tayo'y hanggang<br>dito nalang."* (SWP-24) |
| | | *"Ikaw ang tuwa, ako ang luha<br>Maaliwalas at ako'y lubha<br>Nais ko ang pagsinta<br>mo'y makasalamuha<br>Sa kabilang mundo ka man,<br>puso ko'y iyon nakuha."* (SWP-25) |
| | | *"Masasaktan, napapagod<br>na rin ang puso<br>Pwede bang sabihin mo,<br>ikaw parin ba at ako?"* (SWP-36) |
| | | *"Babalik at babalik marahil dulot ng mga sandaling tulad nito<br>Na mahal mo ako<br>at ang init ng katawang ko<br>Ay ramdam ng iyong balat-isang patunay Na ang lahat ng alaala<br>ko sayo ay totoo."* (SWP-43) |
| | | *"Luluwagan ang kapit sayo<br>ng mga kamay ko<br>Aasa tiwalang wala pang katibayan<br>Ipapahinga ang ngalay,<br>itutuloy ang laban."* (SWP-12) |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| | **Umaasa sa Pag-ibig** | *"Ang pagmamahal na iaalay parang abo na kailangan ng iwaksi Nang pusong nasasaktan at humingi ng pagkakataong ito'y iyong mahalin."* (SWP-06) |
| | | *"Sana bumalik ang ikaw sa piling ko Dahil sa totoo lang nandito parin ako Naghihintay sa pagbabalik mo aking sinta Hanggang sa muli, mahal na mahal parin kita"* (SWP-03) |
| | | *"Huwag mo sanang kalimutan Ako o kahit man lang ang aking pangalan At sinisiguro ko sayo, ikaw lang ang mamahalin ko Kahit na magunaw pa ang mundo"* (SWP-04) |
| | | *"Di maitatago sa sarili na ako'y umaasa na sa kwento mo tayo ay magtatagpo Ating ipagpapatuloy ang Istorya na minsan nating binuo"* (SWP-08) |
| | | *"Mahal ko, mahal ko Ako ba'y naririnig mo? Kahit kaila'y hindi magbabago Ikaw, at ikaw lang hanggang dulo"* (SWP-29) |
| | | *"Kung ako ikaw at ikaw ako Malalaman mong minsa'y may nagmamahal sa'yo Di mo pinapansin, di mo ininda Hanggang sa napagod na lang ang kanyang pagsinta."* (SWP-30) |

| | | |
|---|---|---|
| | | *"Basta ikaw ay aking iniibig Ngayon nga'y hindi mapigil ang aking bibig Sa tula ko idadaan ang lahat upang malaman mong ako'y iyong napaibig Puso ko' y kinabig, kinilig ikaw ay aking iniibig"* (SWP-02) |
| | **Tunay na Pag-ibig** | *"Ikaw ang kailangang kong pahinga, ikaw ang pahinga Kapag sinabi kong mahal kita, ang ibig kong sabihin masaya ako Dahi mahal, gaano man kahaba ang araw, uuwi ako sayo"* (SWP-05) |
| | | *"Ako'y iyo nang pag-aari At balang araw ay ikaw ihaharap sa pari Upang makasama ka saan pa man At di na maghihiwalay pa kailanman"* (SWP-18) |
| | | *"Hindi alam na ikaw pala Ikaw pala ang tinitibok ng pudo kong kapareha Saya'y mabalikan natin ang palaruan ng magkasama Kababata ko, bumalik ka na"* (SWP-17) |
| | | *"Nakilala ko ang pagmamahal na hindi limitado Hindi hinihingi, hindi bulaklak at tsokolate O maging pisikal na anyo dahil ang totoong pagmamahal ay nakilala ko nung nakilala ko si Kristo"* (SWP-20) |
| | | *"Ligtas at masaya Kasabay sa init ng nadaramang Bigay ng Ama"* (SWP-21) |
| | | *"Datapwat kahit saan magpunta,* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| | | *ikaw ang nagsilbing pahingahan<br>Mga nakakubling damdamin na ngayo'y aking pinanghahawakan"* (SWP-22) |
| | | *"Sa gitna ng mga tanong<br>Sa puso ko na hindi mahinahon, nahanap kita<br>Aking sinta-ang aking silong"* (SWP-26) |
| | | *"Napapasaya mo'ko, kahit wala kang kibo<br>Napagaan mo ang aking mundo<br>Maraming salamat sinta<br>Mahal na mahal kita"* (SWP-33) |
| | | *"Kahit ako ay hindi sumasagot<br>Huwag mag-isip mayamot<br>Maghintay lamang kaibigan<br>Ay laging nandiyan"* (SWP-34) |
| | | *"Di man inaasahang ika'y dumating, dinilig ang tigang na damdamin<br>Sa pagmamahal mong mahamyos, halik sa pisngi nitong mala-desyirtong puso"* (SWP-37) |
| | | *"Isasayaw ka, sinta<br>May ulan man o wala<br>Walang in pipigil<br>Ang ulan lang ang titigil"* (SWP-39) |
| | | *"Tayo pa kaya ang itinakda?<br>Tanging dasal na lamang ang siyang magagawa<br>Na muling masilayan<br>Ang iyong ngiting walang sawa"* (SWP-47) |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pagmamahal sa Pamilya** | *"Ano man ang tawag mo sa kanila<br>Pasasalamat ay sapat na<br>Igalang mo ang iyong ama't ina<br>Magpasalamat sa buhay na bigay nila"* (SWP-11) |
| | | *"Ang Diyos ang unang umibig<br>Noon kina Adan at Eva<br>Ipanadama ng lumalang<br>Ang pagmamahal sa pamilya"* (SWP-35) |
| | | *"Nasa kanyang kulay ang magandang nasa<br>Nasa kany ang ilaw ang dakilang diwa<br>Parang sinasabi ng isang matanda kung wala man ako' y tanglawan ang bata"* (SWP-40) |
| | **Pagmamahal sa kapwa** | *"Kaya naman nawa'y sila'y ingatan mo Dahil sila ang dahilan kung bakit masaya ka sa bawat taon<br>At sila ang dahilan bakit nawala ang problema mo ngayon"* (SWP-32) |
| | | *"Sa tulong mo'y naging maalwan ang dukha<br>Sa turo mo'y naging mulat ang mulala<br>Tapang mo'y sa duwag naging halimbwa't<br>Ang kamatayan mo ay buhay ng madla"* (SWP-50) |
| **Hustisya** | **Karapatang Pantao** | *"Saludo pa rin ako sayo kasi tinupad mo ang sinumpaan mong trabaho<br>Kahit mali sa batas pero tama para sa pagbabago<br>Kosang guro saludo ako sayo<br>Kahit ang kamay mo may suot ng posas na sinusuot sa maling tao"* (SWP-07) |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| | | "Hindi ka<br>makakatakas sa<br>larong ito<br>Tila talo ka kahit<br>ano ang piliin mo<br>Walang<br>katahimikan kahit<br>sa pagkapanalo<br>Sa buhay ang lahat<br>ay nakasalalay<br>sa desisyon mo<br>Handa ka na bang<br>maglaro?" (SWP-28) |
| | Katarungan | "Kung sa lupa'y<br>kinang ay<br>sadyang mailap<br>Nitong katarungang<br>ibig na malasap<br>Hayaang lumuha't<br>dugo ay pumatak<br>Pagkat nasa langit<br>ang tunay na<br>galak" (SWP-45) |
| | | "Yayamang kung<br>wala<br>nang pagpipilian<br>At kailangan bilang<br>huling takbuhan<br>Ang maghimagak<br>laban sa pang-aapi<br>Kaysa naman<br>magsisi sa bandang<br>huli" (SWP-46) |
| Pag-asa | Kinabukasan | "Sa pagdating ng<br>umaga'y<br>nagpapasalamat<br>dahil<br>mata'y naimulat pa<br>Sabay yakap sa<br>bagong pag-asa<br>Gamit ang<br>katapangang<br>natitira, upang sa<br>apat na sulok ng<br>kadilima'y<br>makalaya na"<br>(SWP-15) |
| | | "Matapos ang lahat<br>Sa higaa'y bumalik<br>agad<br>Na ang mga mata<br>Hay, umaga na"<br>(SWP-32) |
| | Pagbabago | "Yan ang ibang<br>mundo<br>Na minsang naging<br>bihag ako<br>Rehas ng<br>pagkukubli<br>Ngayon ay malaya<br>nang<br>umibig muli"<br>(SWP-19) |
| | | "Natuto akong<br>lumaban, natuto |

| | | |
|---|---|---|
| | | akong ipagtanggol<br>ang sarili ko<br>Kahit himdi<br>manalo-nalo sa<br>inyo<br>At natuto akong<br>magpanggap<br>na ayos lang ako"<br>(SWP-23) |
| | | "Kung kahilingan<br>ko sana'y diringgin<br>Na sa muling<br>pagbagsak,<br>kaluluwa ko' y<br>tangayin<br>Makapaglakbay sa<br>ihip ng hangin<br>Tiyak lulundag sa<br>tuwa itong<br>aking damdamin"<br>(SWP-38) |
| Panitikan | Sining | "Halina na at<br>basahin<br>Ang laman ng<br>damdamin<br>Humarap sa<br>salamin<br>At aking sasabihin"<br>(SWP-41) |
| | | "Akin bang<br>mararamdam<br>Halimuyak mo ay<br>nasaan<br>Paglapit sa akin<br>Halinang<br>magsayawan"<br>(SWP-48) |
| Kalikasan | Pahalagahan ang Kalikasan | "Ang pagbabago ay<br>hindi makakamtan<br>Kung ang kalikasan<br>ay mapapabayaan<br>Ito ang lakas ng isip<br>at ating katawan<br>Kapag nasira tayo<br>rin ang<br>mawawalan"<br>(SWP-42) |
| | | "Ito na nga ba ang<br>ganti ni kalikasan?<br>Mula sa<br>iregularidad na di<br>maiwasan<br>Na di titigilan<br>hangga't di<br>kinakarma<br>Sa mga kasalanan<br>at<br>mapamerwisyong<br>talaga" (SWP-49) |
| Wika | Pagkakilanlan | "May alab ng apoy<br>at lakas ng bato<br>At kinang ng tubig<br>na wari ay ginto<br>Wikang Filipino'y<br>matatag na hukbo |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| | | *Na lakas ng iyong pagka- filipino"* (SWP-44) |
| **Karamdaman** | **Malubhang Karamdaman** | *"Ang susi'nakabaon Sa lupa ako'y humahalik Bawat hakbang ko ay umuukit Sa galangit kong pintuho Ulan man ay matutuyo"* (SWP-51) |

**Pag-ibig.** Ang temang pag-ibig ay malawak at sumasaklaw sa iba't ibang uri ng relasyon, mula sa pagmamahal sa mahal sa buhay, pamilya, kaibigan, hanggang sa kapwa, at iba pa. Binibigyang pagpapalawig sa bahaging ito ang temang Pag-ibig na nakasentro sa pangunahing ideya nito, ang tunay, kabiguan at umaasa sa pag-ibig. Nakalahad sa talahanayan 2 ang taludtod na kung saan lumilitaw ang temang ito sa bawat may-akda mismo. Ito ay nakapokus sa mga saknong na ginamit ng mga makata upang mailarawan ng lubos ang kanilang damdamin.

**Hustisya.** Ang temang hustisya ay tumatalakay sa pagbibigay ng tamang karapatan at katarungan sa bawat isa, alinsunod sa mga prinsipyo ng pantay-pantay at makatarungang pagtrato. Kasama rito ang karapatang pantao, na tumutukoy sa mga batayang karapatan ng bawat tao, tulad ng karapatan sa buhay, kalayaan, at dignidad. Ang katarungan naman ay ang pagbibigay ng makatarungang desisyon o hakbang upang tiyakin na ang bawat isa ay may pantay na pagkakataon at hindi pinapaboran.

**Pag-asa.** Ang temang pag-asa ay tungkol sa paniniwala sa mas mabuting bukas at posibilidad ng pagbabago. Ito ang nagbibigay lakas upang patuloy na mangarap at magsikap sa kabila ng hamon. Ang pag-asa ay nagtutulak sa tao na kumilos para sa mas magandang kinabukasan at positibong pagbabago sa sarili.

**Panitikan.** Ang temang panitikan, saklaw ang sining, ay tumutukoy sa malikhaing pagpapahayag ng mga ideya, damdamin, at karanasan ng tao sa pamamagitan ng mga salita. Sa panitikan, ang sining ay ginagamit upang ilahad ang mga kwento, aral, at pananaw sa buhay, pati na rin ang pagpapakita ng mga kultura, tradisyon, at kasaysayan.

**Kalikasan.** Ang temang kalikasan ay tumutukoy sa kahalagahan ng pangangalaga at pagpapahalaga sa ating kapaligiran. Ang kalikasan ang pinagmumulan ng ating buhay at kabuhayan, kaya't ang pagprotekta rito ay responsibilidad ng lahat. Sa pamamagitan ng wastong paggamit at pag-alaga, mapapanatili ang likas na yaman para sa kasalukuyan at sa mga susunod na henerasyon.

**Wika.** Ang temang wika ay tumutukoy sa kahalagahan ng wika bilang isang bahagi ng pagkakakilanlan ng isang tao o komunidad. Sa pamamagitan ng wika. Naipapahayag ang ating mga ideya, emosyon, at ang ating pagiging bahagi ng isang partikular na lipunan o bansa. Ang wika ay nagsisilbing tulay upang mapanatili at maipasa ang ating identidad sa mga susunod na henerasyon.

**Karamdaman.** Ang temang karamdaman, saklaw ang malubhang karamdaman, ay tumutukoy sa mga pagsubok na dulot ng matinding sakit o karamdaman na nakaaapekto hindi lamang sa katawan kundi pati na rin sa emosyonal at mental na aspeto ng tao. Ang mga malubhang karamdaman ay nagdudulot ng paghihirap at pagbabago sa buhay, ngunit ito rin ay nagiging pagkakataon ng pagtitiis, lakas, at pag-asa sa kabila ng mga pagsubok.

Sa kabuoan, ang mga taludtod o saknong na tinalakay sa itaas na sasagot sa pangalawang katanungan ng pananaliksik ay siyang patunay na ang tema ay may mahalagang papel sa pagbuo ng isang *Spoken Word Poetry* dahil ito ang nagsisilbing pangunahing mensahe o layunin ng akda. Ang tema ay nagbibigay ng direksyon sa buong tula at nagsisilbing gabay sa mga ideya at emosyon na nais iparating ng makata. Sa pamamagitan ng tema, nagiging mas malalim at makulay ang bawat linya, na tumutok sa isang paksa o karanasan, tulad ng pag-ibig, kalikasan, hustisya, o personal na paglalakbay. Sa madaling salita, ang tema ang nagpapa-tibay at nagpapasidhi ng kahulugan at epekto ng *Spoken Word Poetry.*

## DISKUSYON

Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa resulta ng pagsusuri sa mga tayutay at tema na ginamit sa mga piling *Spoken Word Poetry,* Tinalakay ang epekto ng mga tayutay, tulad ng pagtutulad, pagwawangis, personipikasyon, at pagmamalabis, sa pagbuo ng masining na pahayag at mas malalim na kahulugan ng akda. Bukod dito, inilatag din ang pitong temang naitala: pag-ibig, hustisya, pag-asa, kalikasan, panitikan, wika, at karamdaman, na nagbigay-diin sa pangunahing mensahe ng bawat tula.

### Katangian ng Spoken Word Poetry Batay sa Uri ng Tayutay

Ang paggamit ng matatalinghagang salita sa isang akda ay nagbibigay ng mas malalim na kahulugan, linaw, at kabuluhan. Sa parehong paraan, ang ibang anyo ng panitikan ay maaaring pagandahin sa pamamagitan ng pagsasama ng mga elementong nagpapatingkad at nagpapalakas sa mensaheng nais ipahayag. Sa pamamagitan ng mga taludtod o saknong, nagagawa ng mambabasa o tagapakinig na bumuo ng sariling interpretasyon dahil sa mga imaheng inilalarawan na puno ng ganda at kasiningan. Ang mga ito ay nagiging daan upang maipinta sa isipan ng mambabasa ang makulay na imahinasyon, na tumutulong upang mas lalong maunawaan ang masalimuot o tagong mensahe ng akda (Donovan, 2020).

Sa pagsusuri ng mga piling akda sa *Spoken Word Poetry,* lumalabas na may apat (4) na tayutay ang namukod sa ginawang pagsusuri sa mga korpora ng pag-aaral: pagtutulad, pagwawangis, personipikasyon at pagtatambis. Sa nasuring mga tayutay, napag-alaman na ang mga nakalap na tayutay ay siyang madalas na nilalapat sa bawat nilalaman ng mga akda.

Isa sa uri ng tayutay na ginamit sa mga piling akda sa *Spoken Word Poetry* ay ang **pagtutulad** Ito ay isang paraan na gumagamit ng matatalinghagang pahayag upang maglatag ng hindi direktang paghahambing ng dalawang magkaibang konsepto, tao, bagay, o pangyayari. Sa ganitong pamamaraan, itinatampok ang pagkakatulad ng mga bagay na hindi agad nakikita. Ang pananaliksik na ito ay nagpapakita na ang pagtutulad ay isang natatanging katangian sa mayroon sa mga piling akda.

Ayon sa pananaliksik, ang paggamit ng mga tayutay tulad ng pagtutulad ay may malinaw na pagkakapareho sa iba't ibang uri ng panitikan, mula sa tradisyunal na tula hanggang sa kontemporaryong *Spoken Word Poetry*. Halimbawa, sa linyang "liyak na parang sanggol na dapat iugoy," ang paggamit ng "parang ay nagpapakita ng pagtutulad na likas hindi lamang sa spoken word kundi pati sa liriko ng kanta at epikong panitikan, ayon kina Alejandro (2008) at Nuraine (2017). Ang mga ganitong paghahambing ay hindi lamang nagpapalalim ng emosyon kundi nagtatatag din ng masining na ugnayan sa iba't ibang anyo ng malikhaing pagsulat.

Ang pag-aaral nina Agung et al. (2022) ay nagbigay-diin na ang parehong mga tayutay, gaya ng pagtutulad at pagmamalabis, ay makikita sa mga korpora tulad ng tradisyunal na panitikan at modernong sining, tulad ng *spoken word* at *slam poetry*. Sa parehong konteksto, ang pagtutulad ay ginagamit upang bigyang-diin ang masining na pagpapahayag at lumikha ng metaporikal na imahe. Ang ganitong sangkap sa paglitaw ng mga tayutay ay makikita rin sa mga ibang tradisyon, tulad ng mga epiko, kung saan ang malikhaing wika ay pangunahing elemento ng naratibo.

Samakatuwid, malinaw na ang mga tayutay ay lumilitaw sa iba't ibang korpora ng panitikan sa parehong paraan, bilang pangunahing kasangkapan sa pagpapalawak ng damdamin at kahulugan. Ang pagkakaugnay ng mga ito ay nakaugat sa kanilar papel bilang tulay sa pagpapahayag ng mga karanasang pangkalahatan, mula sa mga klasikong tula hanggang sa mga modernong pagtatanghal ng *spoken word poetry*. Ang klasikong tula hanggang sa mga modernong pagtatanghal ng spoken word poetry. Ang pag-aaral na ito ay nagbigay-diin sa pagpapalawak ng ating panitikan sa iba't ibang anyo ng malikhaing wika, na nagpapakita ng kanilang kaugnayan sa parehong tradisyonal at kontemporaryong panitikan.

Ang **pagwawangis** ay ang ikalawang uri ng tayutay na nasuri sa mga piling akda ng *Spoken Word Poetry*. Ito ay isang paraan na gumagamit ng tuwirang paghahambing ng isang salita sa iba pang salita, na maaaring magkaiba o magkatulad. Katulad ito ng pagtutulad, ngunit hindi na ito gumagamit ng mga pangatnig.

Kaakibat nito, ang pagwawangis o *metaphor* ay isang uri ng tayutay na ginagamit upang direktang maghambing ng dalawang bagay na magkaibang anyo, hindi batay sa kanilang literal na kahulugan, kundi upang maghatid ng mas malalim na koneksyon ng mga ideya o pananaw. Sa pamamagitan ng pagwawangis, nagiging buhay ang mga abstrak na konsepto at pinadadali ang pag-unawa ng mambabasa o tagapakinig gamit ang mga imahen o terminong may kaugnayan. Ito ay isang masining na paraan ng pagpapahayag kung saan ang mga bagay na hindi magkaugnay ay pinag-uugnay upang magbigay ng bagong perspektibo o interpretasyon sa mga ideya, damdamin, o karanasan (Agung 2022).

Higit pa, matutunton sa ilang piling tula ang paggamit ng pagwawangis na ginamit ng makata upang magbigay-diin at magbigay ng kahulugan sa mga isyung hindi kayang ipaliwanag ng literal na kahulugan. Ginagamit ito upang tuwirang paghambingin ang dalawang bagay na magkaiba, katulad ng pagtutulad, ngunit sa mas diretsong paraan. Bukod dito, nakapagpapaganda ito ng tula at may mahalagang papel sa pagpapabisa ng akda, upang maipahayag ang mga mensahe ng tula ng mas epektibo (Rejeki et al. 2022).

Pangatlong nadiskubre sa mga piling akda ng *Spoken Word Poetry* ang **personipikasyon**. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga katangian o buhay sa mga bagay, kaisipan, at hayop, nagiging masining at kaakit-akit ang mga taludtod saknong ng tula. Ayon sa pananaliksik na ito, ang pagbibigay-katauhan ay isa sa mga pinaka-madalas gamitin na layutay sa pagsusuri ng mga piling tula. Mula sa labing-anim na uri ng tayutay na nasuri ang pagbibigyang-katauhan ang nangunguna sa saknong ng tula. Ayon sa pananaliksik na ito, ang pagbibigay-katauhan ay isa sa mga pinaka-madalas gamitin na tayutay sa pagsusuri ng mga piling tula. Mula sa labing- anim na uri ng tayutay na nasuri, ang pagbibigay-katauhan ang nangunguna sa pinakaginagamit na uri.

Pinatunayan ito nina Ginanti et al. (2022), na ang pagbibigay-katauhan ay isang karaniwang ginagamit na tayutay dahil dito ipinagkakaloob ang mga katangian ng tao sa mga hayop, bagay, at ideya. Ang ganitong paggamit ay naglalaman ng mga katangian ng tao upang magbigay ng damdamin at kahulugan.

Sang-ayon naman ito sa pag-aaral nina Sa'idah et al. (2024) na sa maraming piling akda, matutunton ang paggamit ng tayutay na personipikasyon kung saan binibigyan ng mga katangian ng tao ang mga bagay na walang buhay, hayop, at halaman. Ang ganitong tayutay ay nagpapakita ng kaibahan sa kung paano pinapalawak ang imahinasyon ng mga mambabasa o tagapakinig upang isipin ang mga bagay na may katangiang pantao. Bukod pa rito, ito ay nagbibigay pagkakataon sa mga mambabasa na mailarawan ang isang bagay na kumikilos at may damdamin tulad ng isang tao.

Ang huling uri ng tayutay na nakalap ay ang **pagmamalabis**, na isang paraan na nagpapalakas at nagpapaganda sa isang akda. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga labis-labis o sobra-sobrang mga pahayag, naipapahayag ang mensahe ng akda nang mas mabisang paraan. Ayon sa pananaliksik na ito, ang pagmamalabis ay naging prominente sa pagsusuri ng mga piling akda. Sa apat na tayutay na nasuri, ang pagmamalabis ang pinakaginagamit na uri ng tayutay,

Ang pagmamalabis ay isang uri ng tayutay na naglalaman ng mga pahayag na labis at higit pa sa katotohanan o sobrang eksaherado. Halimbawa sa saknong na "dahil sa sobrang

pagmamahal ko, balde-baldeng luha ang alay ko sa'yo, makikita ang paggamit ng labis na paglalarawan na hindi naman talaga nangyayari sa reyalidad. Ang ganitong pahayag ay ginagamit upang ipahayag ang malalim na damdamin ng isang tao, tulad ng sakit, sa isang masining at dramatikong paraan gamit ang pagmamalabis, saad nina Bernales et al. (2018).

Bilang dagdag, kapansin-pansin ang sining sa paraan ng mga makata sa paggamit ng tayutay na pagmamalabis. Bagamat ang mga pahayag ay labis o sobrang pagpapakahulugan, hindi ito nagiging hadlang sa kagandahan at bisa ng akda. Sa katunayan, ang paggamit ng pagmamalabis ay nagdaragdag pa ng kagandahan sa tula dahil sa natatanging paraan ng pagpapahayag. Ang mga pahayag na lagpas sa katotohanan o eksaherado ay nagbibigay ng masining na epekto sa tula kapag ito ay masusing susuriin. Sa pagpapaliwanag ni Miculob (2020).

**Temang Nakapaloob sa Nasuring Spoken Word Poetry**

Ang tema ay isang mahalagang bahagi ng *Spoken Word Poetry* sapagkat ito ang nagsisilbing kaluluwa ng isang akda. Kung walang matibay na tema, ang akda ay maaaring magmukhang walang direksyon. Ito ay hindi lamang isang paksa, kundi isang mensahe na dapat malalim at may epekto sa mambabasa o tagapakinig. Isa itong susi sa pagpapalawak ng emosyon at isipan ng mga tao, at nagsisilbing tulay upang maiparating ang paglalakbay ng malikhaing isip at karanasan (Liza Lou 2017).

Sa pananaw ni Kenyatta, ang tema ng *Spoken Word* ay may mahalagang papel sa paggawa ng koneksyon sa tagapakinig. Binanggit niya na ang tema ay nagsisilbing isang uri ng bintana, kung saan nakikita ng mga tao ang mundo ng makata. Sa bawat tema na tinatalakay, makikita ng tagapakinig kung paano nakikita ng makata ang kanyang kapaligiran, kung ano ang kanyang pinaniniwalaan, at kung paano niya nararanasan ang mga makulay na aspeto ng buhay. Ayon kay Kenyatta, ang *Spoken Word Poetry* ay nagbibigay ng pagkakataon na magkaroon ng malalim na pagninilay at interaksyon sa mga isyung sosyal, pulitikal, at personal (Kenyatta R. 2019).

Sa ginawang pagsusuri ng mga piling akda sa *Spoken Word Poetry*, lumalabas na may pitong (7) tema ang nakaaapekto sa pagkakaroon ng kaalaman sa tayutay sa pagbuo ng kahulugan sa isang tula, ito ay ang mga sumusunod: pag-ibig, hustisya pag-sa, panitikan, kalikasan, wika at karamdaman.

Ang **pag-ibig** ay isang unibersal na tema sa tula at *Spoken Word Poetry* dahil ito ay may kakayahang magtaglay ng malalim na emosyon at kahulugan. Para kay Angelou, ang pag-ibig ay hindi lamang tungkol sa romantikong relasyon, kundi pati na rin ang pagmamahal sa sarili, komunidad, at sa buhay mismo. Binanggit niya na ang pag-ibig ay isang tema na nagpapaalala sa atin ng ating pagiging tao at pagkakaugnay sa isa't isa, kaya't ito ay isang napakahalagang paksa sa mga tula, (Maya Angelou 2014).

Isa sa mga pinakamakapangyarihang puwersa sa buhay ay ang pag-ibig. Ito'y nagbibigay-inspirasyon, nagpapalakas ng loob, at nagpapalalim sa ating koneksyon sa iba. Hindi lamang ito limitado sa romantikong anyo, kundi makikita rin sa pamilya, kaibigan, at pagmamalasakit sa sarili. Ang pag-ibig ay pundasyon ng pagkakaisa at pag-unawa. Darating man sa puntong masasaktan, mabibigo o aasa sa pag-ibig, mayroon paring naghihintay tunay na totoong pag-ibig.

ang **hustisya** ay isang malalim na tema na laging makikita sa *Spoken Word Poetry*. Ang pagkakaroon ng makatarungang lipunan ay isang mahalagang paksa na patuloy na tinatalakay sa mga akdang pampanitikan. Ibinahagi niya na sa mga akda, ang tema ng hustisya ay may kakayahang pukawin ang kamalayan ng mga tao sa mga isyung panlipunan tulad ng hindi pagkakapantay-pantay, diskriminasyon, at ang pangangailangan ng pagbabago sa sistema ng katarungan, (Stevenson 2016).

Ang hustisya ay hindi lamang tungkol sa pagpaparusa kundi sa pagbibigay ng pantay na karapatan sa lahat. Sa isang makatarungang lipunan, mahalaga ang pagkilala sa dignidad ng bawat tao. Ang hustisya ay dapat sumalamin sa prinsipyo ng pagkakapantay-pantay at respeto sa batas nang walang kinikilingan.

Muling binanggit ni Angelou ang tema ng **pag-asa** bilang isang mahalagang bahagi ng *Spoken Word Poetry*. Ayon sa kanya, ang pag-asa ay isang tema na nagbibigay lakas sa mga tao sa kabila ng mga pagsubok. Sa kanyang mga akda, itinatampok niya ang kahalagahan ng pananampalataya at ang kakayahan ng tao na magsimula muli, magsikap, at magpatuloy sa kabila ng mga hamon. Para kay Angelou, ang tema ng pag-asa ay nagpapaalala sa atin na may liwanag sa kabila ng dilim ng buhay (Maya Angelou 2014),

Ang pag-asa ay ilaw sa gitna ng dilim. Kapag may pag-asa, may lakas na bumangon mula sa pagkabigo at humarap sa bagong bukas. Ito ang nagbibigay-daan para sa pagbabago at posibilidad, anuman ang bigat ng problema. Ang pagkakaroon ng pag-asa ay mahalaga upang manatiling matatag at patuloy na mangarap.

Ang **panitikan** ay isang sentral na tema sa *Spoken Word Poetry* dahil ito ay isang sining na nagbibigay ng paraan upang ipahayag ang mga malalim na kaisipan at damdamin. Ito ay may kapangyarihan na magbukas ng isip ng mga tao sa mga bagong ideya at pananaw. Ibinahagi niya na sa pamamagitan ng panitikan, mas naipapakita ang ating kultura, tradisyon, at ang ating pakikisalamuha sa iba (Murakami 2019).

Ang panitikan ay salamin ng kultura, kasaysayan, at damdamin ng isang tao o lipunan. Sa pamamagitan ng panitikan, naipapahayag ang mga ideya at saloobin sa malikhaing paraan. Ito'y hindi lamang libangan kundi paraan din ng edukasyon at pagbubuklod ng mga tao.

Isang mahalagang tema sa maraming akdang pampanitikan, kabilang na ang *Spoken Word Poetry* ang kalikasan. Sapagkat ito ay nagbibigay ng inspirasyon para sa mga makata na ilarawan ang kagandahan ng mundo, pati na rin ang mga pagsubok at panganib na dulot ng pagkasira ng kalikasan. Ang mga akda na tumatalakay sa **kalikasan** ay may kakayahang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

magpukaw ng kamalayan at magbigay-diin sa pangangailangan ng pangangalaga sa ating kapaligiran (David 2017).

Ang kalikasan ay biyaya na dapat nating ingatan. Ang patuloy na pagkasira nito ay nagdadala ng panganib hindi lamang sa kapaligiran kundi pati na rin sa ating kinabukasan. Ang pagmamalasakit sa kalikasan ay hindi opsyonal, ito ay tungkulin ng lahat upang mapanatili ang balanse ng buhay.

Ang **wika** ay isang makapangyarihang tema sa mga tula at *Spoken Word Poetry*. Sa pamamagitan ng wika, naipapahayag ang ating pagkakakilanlan, kultura,at pananaw sa buhay. Ang wika ay isang instrumento ng komunikasyon, ngunit higit pa rito, ito rin ay isang paraan upang ipahayag ang ating mga damdamin, opinyon, at mga karanasan, kaya't mahalaga ito sa lahat ng anyo ng sining, kabilang ang *Spoken Word Poetry* (Tiongson 2018)..

Ang wika ay buhay at pagkakakilanlan ng isang tao o lipunan. Sa pamamagitan nito, naipapahayag natin ang ating iniisip at nadarama. Ang pagpapanatili at pagpapalago ng sariling wika ay mahalaga upang mapanatili ang ating kultura at kasarinlan.

Sa pagtalakay ng mga personal na karanasan ng makata, ang **karamdaman** ay isang madalas na tema sa *Spoken Word Poetry.* Ang mga akda na tumatalakay sa karamdaman ay may kakayahang ilahad ang mga kalagayan ng tao na nahihirapan, hindi lamang sa pisikal kundi pati na rin sa emosyonal at mental na aspeto. Ang tema ng karamdaman ay isang malakas na tema na nagpapakita ng kabuuan ng tao at ang kanyang pakikibaka sa buhay, at sa pamamagitan ng tula, mas nauunawaan ang mga pinagdadaanan ng isang tao (Ozeki 2020).

Ang karamdaman ay paalala ng kahinaan ng tao ngunit isa rin itong oportunidad upang matutunan ang halaga ng lakas ng loob at suporta ng iba. Mahalaga ang malasakit sa mga taong dumaranas ng karamdaman, Ito rin ang nagtuturo sa atin na pahalagahan ang ating kalusugan at ang bawat araw na tayo'y malusog at malakas.

**Implikasyon sa Pagtuturo**

Ang pag-unawa sa pagsusuri ng isang akda ay nagpapakita ng mataas na antas ng kaalaman. Karaniwang ginagamit ang tayutay sa akda upang maipahayag at mailarawan nang mas malinaw ang damdamin at mga pangyayari. Ang malalim na kaalaman sa iba't ibang uri at katangian ng tayulay ay mahalaga upang maunawaan ang tunay na kahulugan ng mga ito sa loob ng akda. Ang pagsusuri ng mga tayutay, kasama ang iba pang elemento ng tula, ay nagbubukas ng pagkakataon para mapaunlad ang malikhaing pag-iisip. Isa itong mahalagang kasanayan na kailangang hubugin, lalo na sa mga mag-aaral, upang maging mahusay sa pagsusuri ng mga taludtod at saknong ng isang akda. Sa ganitong pagsusuri, hindi lamang nakatuon sa estruktura ng tula kundi pati na rin sa mga tagong mensahe at kahulugan ng mga salita na nagpapalalim sa ugnayan ng mambabasa, tagapakinig, at makata.

Bagaman nagiging mas hamon ang pag-unawa at pagsusuri sa isang akda dahil sa paggamit ng matatalinghagang salita, hindi maitatangging ito ay nagdadala ng makabuluhang mensahe o pahayag. Dahil dito, mahalagang bigyang-halaga at pagtuunan ng pansin ang tayutay upang maitanghal ang isang akda bilang isang likha ng kariktan, sining, at talinghaga.

Mahalagang matutunan ng mga guro ng Filipino, partikular sa paksang tayutay. Ang mga kaalaman at kasanayang kaugnay nito. Ang mga resulta ng pananaliksik, kabilang ang kaugnay na pag-aaral, datos, at impormasyon, ay makatutulong sa kanila upang mapabuti ang kanilang paraan ng pagtuturo at gawing mas madali ang mga aktibidad na may kaugnayan sa pagsusuri ng tayutay sa isang akda. Bukod dito, makatutulong ito sa paghubog ng kanilang kasiningan at pagkamalikhain sa paglikha at pagpapahayag ng mga akda. Ang pananaliksik na ito ay maaari ring magsilbing gabay sa mga diskusyong pampanitikan ng mga guro ng Filipino, na naglalayong palawakin at pagyamanin ang kakayahang pangkaisipan ng mga mag-aaral.

Para sa *Commission on Higher Education (CHED)*, ang pananaliksik na ito ay makatutulong sa pagpapabuti ng kurikulum, lalo na sa pagpapalawak ng pagsasanay sa tayutay bilang mahalagang kasanayang dapat malinang sa mga mag-aaral. Ito rin ay magsisilbing gabay para sa mga mag-aaral sa mas malalim na pag-unawa at pagsusuri ng mga akdang pampanitikan, na nagiging daan upang aktibong makibahagi sila sa pagpapalaganap at pagpapahalaga sa panitikang Pilipino, kasabay ng pagtataguyod ng kulturang Pilipino.

Higit pa rito, upang mapalakas ang pagpapahalaga sa sining at panitikan, maaaring magdaos ng mga programang tulad ng *Spoken Word Poetry Workshop*, kung saan matututo ang mga kalahok ng tamang paggamit ng tayutay at malikhaing pagsulat. Ang Linggo ng Panitikan ay magtatampok ng pagkukwento, poetry readings, at malikhaing pagsusulat na magreresulta sa isang antolohiya.

Ang *Creative Writing Mentorship Program* ay magbibigay ng gabay mula sa mga eksperto, habang ang Panitikan at Sining *Caravan* ay magdadala ng mga aktibidad sa komunidad at ang *Online Literary Forum* ay magsisilbing plataporma para sa mga talakayan tungkol sa makabagong panitikan. Sa kabuuan, ang mga programang ito ay magpapalago ng kasanayan at pag-unawa sa sining at panitikan sa paaralan at komunidad na nagiging daan sa mas malalim na pag-unawa at pagpapaunlad sa larangan ng panitikan.

**Rekomendasyon para sa Pananaliksik sa Hinaharap**

Ang pag-aaral na ito ay magiging kapaki-pakinabang para sa mga susunod na mananaliksik sa pagkuha ng mga datos at impormasyon na may kaugnayan sa kanilang mga paksa. Ang mga impormasyon mula sa pananaliksik na ito ay maaaring magsilbing pundasyon upang higit pang mapalawak at mapagyaman ang kanilang mga pag-aaral, lalo na sa aspeto ng mga uri ng tayutay. Partikular na mahalaga ang pokus ng pananaliksik na ito, na sumuri sa limampu't isang (51) korpora ng mga piling akda sa *Spoken Word Poetry.*

Upang masagot ang mga katanungan sa pananaliksik at makuha ang angkop na datos, ginamit sa pag-aaral na ito ang teorya ni Strauss (1930) para sa unang katanungan, na nagmumungkahi

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ng paggamit ng apat na tayutay: pagtutulad, pagwawangis, personipikasyon, at pagmamalabis. Bukod dito, inangkla rin ang pananaliksik sa teoryang Estrukturalismo ni Siswantoro (2016), na tumutukoy sa mga termang matatagpuan sa bawat akda at kung paano ito nakakaapekto sa pag-unawa sa tayutay at sa pagbibigay-kahulugan sa isang tula. Kabilang sa mga temang ito ang pag-ibig, hustisya, pag-asa, panitikan, kalikasan, wika, at karamdaman. Ang mga teoryang ito ay ginamit upang matukoy at masuri ang mga katangiang taglay ng *Spoken Word Poetry*, na nakatuon sa mga tayutay at tema ng bawat akda. Ang pag-aaral na ito ay nagsisilbing gabay sa pagkakalap ng mahahalagang impormasyon at kaalaman na may kaugnayan sa paksa ng pananaliksik,

Batay sa resulta ng masusing pagsusuri, malinaw na matagumpay na naabot ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral na tukuyin ang mga katangiang makikita sa *Spoken Word Poetry*, pati na rin ang mga temang nakapaloob sa bawat akda. Sa pag- aaral na ito, napatunayan ang presensya ng iba't ibang tayutay na mababakas sa bawat akda, gayundin ang mga temang ipinahayag sa bawat taludtod at saknong, na naisaalang-alang sa kabuuang pagsusuri ng akda.

Gayunpaman, ang resulta ng pananaliksik na ito ay nakatuon lamang sa mga piling akda sa *Spoken Word Poetry* na limitado sa 51 na tula. Kaya naman, upang makakalap pa ng mas malawak na kasagutan sa mga nailatag na katanungan ng pananaliksik, inirerekomenda ng mananaliksik sa mga mag-aaral lalong-lalo na sa kumukuha ng medyor sa Filipino na magsagawa ng iba pang pananaliksik na may mas malaking saklaw na hindi nakapokus lamang sa katangian ng panitikan bagkus lawakan pa ang isipan at surin ang lahat ng maaring masuri. Maari ring magsuri ng mga kilalang makata na maraming likhang akda at suriin ang likha nito. Maaari ring magsuri ang mga mananaliksik sa hinaharap ng kabuoan o lahat ng katangian mayroon sa bawat akdang panitikan.

**Konklusyon**

Mahalaga ang pagkakaroon ng malalim na kaalaman sa panitikan upang lubos na maunawaan ang mga katangiang taglay ng isang akdang pampanitikan. Upang maging dalubhasa, kinakailangan ding magkaroon ng sapat na kaalaman sa mga tayutay, dahil ang pag-unawa sa mga ito ay nagbibigay-linaw sa tunay at kabuuang kahulugan, mensahe, at tema ng akda. Gayunpaman, ang kasanayan ay hindi dapat magtapos sa simpleng pagtukoy ng mga uri ng tayutay na ginamit. Mas magiging makabuluhan ang pag-aaral ng panitikan kung mahihikayat ang mga mag-aaral na lumikha ng sarili nilang mga akda, tulad ng tula o *Spoken Word Poetry*, na nagtataglay ng matatalinghagang pahayag.

Isinagawa ko ang masusing pagsusuri sa mga piling akda ng *Spoken Word Poetry* upang maisakatuparan ang layunin ng pananaliksik na ito. Ang pag-aaral na ito ay nagbigay ng mahahalagang hamon na nagpalawak at nagpaunlad sa aking kaalaman at kasanayan sa tayutay at pagsusuri ng *Spoken Word Poetry*. Gumawa ako ng talaan ng mga akda at isang talahanayan ng mga tayutay ayon sa kanilang uri at kahalagahan bilang pangunahing datos. Maraming pagsubok ang kinaharap ko sa paggawa ng pag-aaral, na nangangailangan ng malalim na pag-unawa at tiyaga. Kinailangan kong maglaan ng oras upang pag-aralan ang bawat tayutay at masusing suriin ang pagkakaiba ng bawat uri upang hindi magkamali sa pagtukoy. Naglaan din ako ng oras upang basahin nang mabuti ang bawat saknong at taludfod ng tula, at nagsagawa ng karagdagang pananaliksik at paghahanap ng mga kahulugan mula sa diksyunaryo upang mapalawak ang aking pang-unawa.

Ang ikalawang hamon ay ang pagtukoy kung aling uri ng tayutay ang tumutukoy sa bawat bahagi ng akda at kung paano ito nakatutulong sa kabuuang mensahe ng akda. Dahil sanay na ako sa pagbabasa ng mga akda, naging mas madali para sa akin ang proseso ng pagtukoy at pag-uuri ng mga tayutay. Ang aking hilig at karanasan sa pagbabasa ng iba't ibang akda at pampanitikang gawa ay nagbigay- daan sa mas masusing pagsusuri at pag-aanalisa ng mga ito.

Sa kabila ng mga hamong aking hinarap, natamo ko pa rin ang layunin ng pananaliksik. Ang mga pagsubok na ito ay nagbigay ng pagkakataon para sa mas malalim na pag-aaral at pagsusuri, na nagresulta sa mas matibay na pag-unawa sa mga tayutay at tema ng mga akda. Napagtanto ko rin na ang kaalaman sa pagsusuri ng tayutay ay magsisilbing pundasyon para sa mga susunod na pag-aaral sa larangan ng panitikan. Naitaguyod ko ang mga hamon sa tulong ng aking tagapayo at ng mga taong tumulong sa aking paglalakbay, at sa pamamagitan ng determinasyon at pagsusumikap, natapos ko ang pananaliksik na ito na aking piniling simulan at tapusin.

## TALASANGGUNIAN

1. *Alfonso, A. (2014). Spoken word: integrity discourse into the contemporary Literature Academia.*
2. *Aguilar, B (2015). Poetry Isn't Dead: Istrukturalismo filipinosiyamhttps://filipinoelevenb.blogspot.com/2017/01/struktu ralismo.*
3. *Barnes, J. et al., (2019). Generalizability and transferability Colorado State University. https://wac.colostate.edu/resources/writing/guide.*
4. *Beczes, R. (2017). The Role of Alliteration and Rhyme in Novel Metaphorical and Metonymical Compounds. University of Budapest.*
5. *Biber, D. (2020). Corpus-Based and Corpus-driven Analyses of Language Variation and Use. United States.*
6. *Boers, F. (2017). Etymological elaboration as a strategy for learning figurative idioms. Amsterdam.*
7. *Bogdan, R. and Bilken, S. (2007). Qualitative Research for Education: An Introduction to Theories and Methods. Pearson.*
8. *Bricki, N. and Green, J. (2007) A Guide to Using Qualitative Research Methodology. apers.aspx?referenceid*
9. *Boyatzis, R. E. (1998). Transforming qualitative code development. Information: Thematic analysis and Sage Publications.*
10. *Burgers, J. (2016). Understanding Hyperbole. University of Amsterdam.*
11. *Caulfield, J. (2020). A step-by-step guide to literary analysis. New York.*
12. *Cantago, J. (2019), Kwalitatibo at Kwantitatibong Pananaliksik: Kwantitabong-pananaliksik.*
13. *Cumyn, A. (2018). Role of Researchers in the Ethical Conduct of Research: A Discourse Analysis From Different Stakeholder Perspectives.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188


14. *Chukwuemeka G.(2005) https://www.solent.ac.uk/degreeshows /students/ chukwuemeka gabrielagbo.*
15. *Creswell, Jquantita12). Educational research: Planning, conducting, and Evaluating and qualitative research (4th ed.). Boston.*
16. *Creswell, J.App2013) Qualitative Inquiry & Research Design: Choosing Among Five Approaches. Thousand Oaks, CASAGE Publications, Inc. (pp.77 83).*
17. *Crossman, A. (2020). An overview of qualitative research methods. London, UK.*
18. *Cureton, R. (2015). Theme, temporality, and "inner form". University of Michigan.*
19. *Domyie, Z. (2007). Research methods in applied linguistics. New York: Oxford University Press. Discussion. Educational Studies in Mathematics, 64, 243.*
20. *Enero, J. (2019), Mga Kulturang Popular At Tema Sa 10 Spoken Poetry. Isang Panimulang Pagsusuri 246.*
21. *Finegan, E. (2008). Language: its structures and use (5th ed.). United States.*
22. *Gaiman, J. (2021). The personification of death. Georgia Southern University.*
23. *Herdianti, E. (2017). Love in Keat's selected poems. Hasanuddin University.*
24. *Johnson, M. (2020), Critical Discourse Analysis https://www.sciencedirect.com.*
25. *Lewis, J. (2018). What is the role of the researcher in qualitative case study, phenomenology, grounded theory, narratives, and action research?.*
26. *Mahadi, R. (2018). The role of meta-cognitive self regulated learning strategies in enhancing language performance.*
27. *Mazany, M. (2017). A structural analysis of Wasiam Shakespear's sonnet.*
28. *Michalko, K. (2012). The effect of spoken word poetry on the development of Voice writing.*
29. *Morrow, S. L. (2005). Quality and Trustworthiness in Qualitative Research in Counselling Psychology. Journal of Counseling Psychology, 52, 250-260.*
30. *Namey, E. (2005). Qualitative Research Methods: A Data Collector's Field Guidehttps://www.researchgate. net/publication/215666086_Qualitative Rese Arch_Methods_A _Data_Collector's_Field_Guide.*
31. *Nara M. Martirosyan, EdDhttp://jistudenISSN: 2162-3104 Print/ ISSN: 2186-3750 Online Volume 5, Issue 1 (2015), pp. 60-71 @Journal of International.*
32. *Pinsky. R. (2010). The sounds of poetry. New York: Farrer, Straus. University of Malang.*
33. *Pope, A. (2011). Collected poems..J.M Dent & Son. United States.*
34. *Rosenthal, M.L. (2012). Poetry in English: An anthology. Oxford University.*
35. *Sadler, H. (2013). Appreciating poetry. Macmillan, Melbourne.*
36. *Sarmadon, R. (2020). Implemetation of cognitive strategy. New York.*
37. *Santiago, A. O. (2003). Sining ng pagsasaling-wika sa Filipino mula sa Ingles. Rex Bookstore, Inc.*
38. *Serote, M.W. (2012). Selected poems. Donker: Johannesburg, South Africa.*
39. *Siswantoro, G. (2016). Metode penelitian sastra: Analisis struktural puisi. University of Malang.*
40. *Somers, J. (2020). Anadiplosis: definition and examples. ThoughtCo.*
41. *Sonia, R. (2020). An analysis of figurative language in poetry entitled mending wall by Robert frost. Repository Universitas Islam Riau.*
42. *Suico, L. S. (2016). Pagpapalawak ng kakayahan sa pagsusuri ng maikling kwento at tula. Scribd.*
43. *Taylor, K. (2011). The Norton introduction to poetry hunter. United States.*
44. *Thorne, S. (2000). Data analysis in qualitative research. Evidence-Based Nursing, 3(3), 68–70.*
45. *Tulsian, K. (2023). Discover the hidden benefits of teaching figurative language. Kirsten's Kaboodle.*
46. *Valdez, J. (2019), Pag-basa at Pagsusuri sa iba't ibang Teksto tungo sa Pananaliksik. Disenyo At Pamamaraan ng Pananliksik ng- pananaliksik.*
47. *Valle, R. (2019). TAYUTAY – mga iba't ibang uri at halimbawa ng mga uri. PhilNews.*
48. *Vega (2017). Kahulugan at Kahalagahan ng Panunuring Pampanitikan; Katangian ng isang Mahusay na Kritiko.*
49. *Wong, L.P. (2008). Data analysis in qualitative reseach: A brief guide in using Nvivo. Malaysia.*
50. *Yao, K (2021). A Return to The Past: A Study Of Contemporary Ghanaian Spoken Word Poetry. Afribary. Retrieved from to-the-past-a-study-of-contemporary-ghanaian-spoken-word-poetry.*